## Paano Kung Bahagi ng Aking Planong Panghalili ang Isang Nabibitbit (Portable) na Generator?

Maaaring magamit ang mga nabibitbit na generator ng kuryente upang magbigay ng kuryente sa panahon ng pagkawala nito. Kapag isinasaksak ang iyong medikal na kagamitan nang direkta sa isang pansamantalang nabibitbit na generator, sunding mabuti ang mga tagubiin ng gumawa. Huwag kahit kailan susubukang ikonekta ang isang generator sa mga kawad ng kuryente sa bahay. Tanging ang mga lisensiyadong electrician lamang ang dapat gumawa nito. Ang mga nabibitbit na generator ay **HINDI KAILANMAN** dapat na ikonekta nang direkta sa mga linya ng kuryente.

## Kailangan Ko Bang Ipaalam sa SCE na Bumili Ako ng Generator?

Oo, iniaatas ng batas ng state na kailangang malaman ng iyong utility kung ginagamit ang isang generator sa iyong tahanan o negosyo. Upang maipaalam sa amin, mangyaring tumawag sa **1-800-655-4555**.

## Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon o kung kailangan mo ng tulong sa pagpupuno ng iyong aplikasyon, tawagan kami sa **1-800-447-6620** o bisitahin ang **sce.com/medicalbaseline**.



SOUTHERN CALIFORNIA EDISON®
Energy for What's Ahead®

**Mga Serbisyo Pang-Iba-Ibang-Kultura**

| | |
|---|---|
| Cambodian / ខ្មែរ | 1-800-843-1309 |
| Chinese / 中文 | 1-800-843-8343 |
| Korean / 한국어 | 1-800-628-3061 |
| Vietnamese / Tiếng Việt | 1-800-327-3031 |
| Spanish / Español | 1-800-441-2233 |

©2018 Southern California Edison. Nakalaan ang lahat ng karapatan.
SCE 14-539-6-T REV 7/18 TAGALOG

SOUTHERN CALIFORNIA EDISON®
Energy for What's Ahead®

# PAGPAPAUBAYA SA BATAYANG MEDIKAL (MEDICAL BASELINE ALLOWANCE)

Kapag kailangan mo sa iyong tahanan ang de-kuryenteng medikal na kagamitan.



3.75″ 3.75″ 3.6875″

8.5″

# PAGPAPAUBAYA AYON SA BATAYANG MEDIKAL

Kung nangangailangan kayo o sinuman sa iyong sambahayan ng pangkaraniwang paggamit ng mga de-kuryenteng medikal na kagamitan o iba pang mga nararapat na medikal na kagamitan, makakabigay ang aming programang Pagpapaubaya ayon sa Batayang Medikal ng karagdagang 16.5 kilowatt-hour ng kuryente kada araw.* Ibinibigay nang sa pinakamababang antas ng batayan (baseline rate), nakakatulong ito sa pagpapagaan ng gastos sa pagpapatakbo ng medikal na kagamitan.

Maging anupaman ang kita ng iyong sambahayan, maaari kang maging karapat-dapat kung makakatugon ka sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat na nasa ibaba. Hinihikayat ka namin na magpatala para sa Pagpapaubaya ayon sa Batayang Medikal.

## Paano Ko Malalaman Kung Karapat-dapat Ako?

Maaaring maging karapat-dapat ka para sa Pagpapaubaya ayon sa Batayang Medikal kung ikaw o ang isa pang residente na ganap na naninirahan sa iyong tahanan ay:

1. Nangangailangan ng pangkaraniwang paggamit ng de-kuryenteng kagamitan pangmedikal/ nagpapatuloy ng buhay upang makapag-alalay, makapagpalit, o makapagpanumbalik ng isang mahalagang tungkulin ng katawan, at/o
2. Naaapektuhan ng isang kondisyon kabilang ang multiple sclerosis, scleroderma, o ay paraplegic, quadriplegic, o hemiplegic (tingnan ang listahan sa **sce.com/medicalbaseline**), o
3. May isang sakit  na nakamamatay o napahina na immune system (pagtanggol ng katawan laban sa sakit) na mangangailangan ng pagpapainit at/o pagpapalamig.

Hindi karapat-dapat na sumali sa Planong Diskwento sa Tag-init (Summer Discount Plan) ng SCE ang mga customer na tumatanggap ng Pagpapaubaya ayon sa Batayang Medikal na tanging para sa paggamit ng aircon kaugnay ng kondisyong medikal.

* Para sa mga customer ng gas sa Santa Catalina Island, 0.822 therms kada araw ang pamantayang Alokasyon ayon sa Batayang Medikal Medical Baseline Allocation).

## Ano Ang Nararapat na Medikal na Kagamitan?

Itinuturing ang anumang de-kuryenteng kagamitan na nagpapatuloy ng buhay sa pamamagitan ng makina o artipisyal o nagpapanumbalik o nagpapalit ng isang isang mahalagang tungkulin ng katawan, kabilang ang kakayahang magpalibot-libot, na nararapat na medikal na kagamitan. Kabilang dito ngunit hindi lamang, ang kagamitang nagpapatuloy ng buhay. Hindi nararapat ang mga kagamitan na ginagamit para sa paggagamot subalit hindi naman kailangan para pagpapatuloy ng buhay.

## Paano Ako Mag-a-apply?

Kumpletuhin ang seksyon para sa customer (Bahagi 1) ng nakalakip na aplikasyon. Sunod, hayaan ang nararapat na manggagamot ng pasyente na magkumpleto ng at lumagda sa nalalabing seksyon (Bahagi 2). Balik-aralin ang aplikasyon upang matiyak na kumpleto ito at ibalik ito sa nakalakip na sobre sa:

Southern California Edison
Medical Baseline Department
P.O. Box 9527
Azusa, CA 91702

*Mahalagang Dapat Tandaan: Bago ka mapahinulutan para sa Paglaan sa Batayang Medikal, maaaring dumalaw ang isang kinatawan ng SCE sa iyong tahanan para sa mga layuning pagpapatunay ng kagamitan.*

## Paano Kung ang Isang Nagmamay-ari ng Ari-arian o ang Iba Pang Partido ang Nagbabayad ng Aking Kuryente?

Kung nagbabayad ang isang nagmamay-ari ng ari-arian o iba pang partido ng kuryente sa iyong tirahan gamit ang antas na Pang-Tahanang may Maramihang Pamilya (Domestic Multi-family o DM), kailangan din niyang lagdaan ang iyong Pagpapaubaya ayon sa Batayang Medikal kasama ang iyong manggagamot.

## Kailan Makikita sa Singil (Bill) sa Akin ang Paglaan?

Kung mapahintulutan, makikita ang Paglaan ayon sa Batayang Medikal sa lahat ng mga kasunod na singil kapag nakapagpatala na sa programa.

## Kakailanganin Ko Ba Na Ulitin Ng Aking Aplikasyon?

Kailangang ulitin tuwing panahon ang lahat ng aplikasyon para sa Paglaan ayon sa Batayang Medikal. Magpapadala kami sa iyo ng isang form na gagawin bago sa petsa na nakatakda ng iyong pag-ulit. Ibabatay ang kadalasan ng gagawin ng pag-ulit sa uri ng sakit at sa ginagamit na medikal na kagamitan. Bilang bahagi ng paraang ito ng pagbabalik-aral, maaaring hilingan ang iyong manggagamot na punan ang isang form para sa pag-ulit at patunayin na kailangan mo pa ang medikal na kagamitan.

## Paano Kung Lumipat Ako?

Kung lilipat ka sa loob ng sakop na sinisilbihan ng SCE, maaaring ilipat ang iyong Paglaan ayon sa Batayang Medikal sa iyong bagong sinisilbihang address. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa **1-800-447-6620**.

## Paano Kung Mawalan Ng Kuryente?

Kailangang maging handa ang lahat ng customer na umaasa sa de-kuryenteng medikal na kagamitan o kagamitang nagpapatuloy ng buhay sa lahat ng panahon at mayroong panghaliling sistema ng kuryente o may iba pang mga plano na kailangan upang matiyak ang kanilang kalusugan at kaayusang kung walang kuryente. Hindi nagbibigay ang SCE ng generator na panghalili.

Kadalasang nagbibigay ang mga gumagawa (manufacturer) ng de-bateryang sistema na panghalili (nabibitbit na gamit o portable unit) para sa kanilang medikal na kagamitan. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpapasya kung may de-bateryang sistema na panghalili ang inyong kagamitan, mangyaring makipag-uganayan sa gumawa ng kagamitan.

*Tandaan: Susubukan naming ipaalam sa mga customer ng Pagpapaubaya ayon sa Batayang Medikal sa pamamagitan ng isang awtomatikong tawag sa telepono kung nakatakda ang kanilang lugar na makaranas ng umiikit na pagkawala ng kuryente o kung may isasagawa na trabahong pagpananatili.*

